# Asintada: Kababaihan, Kasaysayan, at Panulaan sa Ngalan ng Ina

Lilia Quindoza-Santiago. *Sa Ngalan ng Ina: 100 Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas, 1889-1989.* Quezon City: University of the Philippines Press, 1997, xii, 393 pp. ISBN 971-542-095-8.

*Arthur M. Navarro*

Malaki ang dapat ipagpasalamat ng pagsasakasaysayang Pilipino at kilusang kababaihan at kilusang feminista sa Pilipinas kay Dr. Lilia Quindoza-Santiago sa paglalathala niya ng isang mapanghawang pag-aaral tungkol sa kababaihan at panulaang Pilipino.

Sa mahabang panahon, sa halip na ipaghele ng mga mananalaysay na malay sa kasarian, ang pagsasakasaysayang Pilipino ay hinubog sa tikas at tindig ng mga sexistang historyador. Hindi naging malay ang mga lalaking historyador tulad nina Gregorio Zaide, Teodoro Agoncillo, Renato Constantino, at maging si Amado Guerrero o Jose Maria Sison, sa salungatan at tunggaliang pangkasarian sa lipunang Pilipino. Kung isinaalang-alang man ang kababaihan sa kanilang mga akda, ito'y bilang *consuelo de bobo* lamang sapagkat lagi pa ring ikinakabit at ikinakawing sa kalalakihan ang kasaysayan. Sa kanilang mga akda, palasak ang mga deskripsiyong gaya ng "Gabriela Silang, asawa ni Diego Silang," "Josefa Rizal, kapatid ni Jose Rizal," at "Gregoria de Jesus, asawa ni Andres Bonifacio na naging asawa ni Julio Nakpil." Nakalulungkot-isipin na ang ganitong kakulangan sa kamalayan sa kasarian ay naroroon din sa mga akdang diumano'y sinulat ng mga babae at maka-babae bilang pagkilala sa ambag ng kababaihan sa kasaysayan. Halimbawa nito ang pinakahuling komprehensibong aklat tungkol sa papel ng kababaihan sa himagsikan na *Women in the Philippine*

*Revolution* (Hilario-Soriano, 1995). Bagamat naitampok nito ang kababaihan sa kasaysayan, ipinapalagay pa rin ng pag-aaral na kailangang ikabit at ikawing muna sa kalalakihan ang kababaihan upang magkaroon ng kasinuhan at katauhan ang mga babae sa kasaysayan. Laging tinitingnan na pumapangalawa lamang ang kababaihan sa paglikha ng kasaysayan, sa halip na kilalanin na may sariling kasinuhan at katauhan ang kababaihan tulad ng anupamang kasarian sa kabuuang kasaysayang Pilipino.

## Kasaysayan sa ngalan ng ina

Sa ganitong konteksto ng iskolarsyip, napakahalaga ng aklat na *Sa Ngalan ng Ina; 100 Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas, 1889-1989.* Binubuo ang aklat ng dalawang bahagi: pagsusuri at antolohiya. Kinikilala nito ang babae, pagkababae at kababaihan sa ating kasaysayan nang hindi kinakailangang ikabit at ikawing sa kalalakihan bagamat tumitingin sa kabuuang salungatan, tunggalian at ugnayang pangkasarian sa Pilipinas. Matingkad ang ganitong kamalayan lalo na sa una at ikalawang kabanata ng unang bahagi ng aklat na tumatalakay sa pinagmulan ng kaisipang feminista sa Pilipinas at pagkahubog ng pagkababae sa kalinangan at kasaysayang Pilipino. Sa mga sumunod na kabanata, iniugnay nga sa kalalakihan ang pagsasaysay, hindi ito upang ikabit at ikawing kundi upang isalungat at ipagtunggali sa patriyarka sa Pilipinas.

Sa kabila ng mga kalakasang ito ng pag-aaral, maaaring pansinin sa una at ikalawang kabanata ang kakulangan ng kasanayang pangkasaysayan sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari na mahalaga pa naman para sa malinaw na pagpapakita ng daloy pangkasaysayan. Mapapansing matapos talakayin ang babae sa panahon ng sinaunang kasaysayan at paglalatag ng kolonyalismong Español, sinundan kaagad ito ng pagtalakay sa debate sa karapatang bumoto ng babae noong dekada 30. Dapat sanang tinalakay muna ang usaping Jose Rizal at kababaihang Pilipino noong ikalabinsiyam na siglo. Mapapansin ding bagamat may ilang pagbanggit sa ibang kabanata ng akda, walang malawak na pagtalakay sa kababaihan sa himagsikan at sumunod pang sandatahang kilusang bayan sa mga kabanatang maituturing na higit na pangkasaysayan. Magkaganito man, ang ilang kakulangang ito ay pinunan naman ng mga kalakasan ng akda. Pinupunan din ang mga kakulangang ito ng mga kahanay, bagamat higit na maiikling kaugnay na pag-aaral tungkol sa kababaihan. Mababanggit dito ang mga pag-aaral tungkol sa kababaihan sa sinaunang kasaysayang Pilipino (Mangahas, 1991),

babaylan at catalonan (Salazar, 1989), babaylan, bruha, mangkukulam at kababaihan noong ika-labimpitong siglo (Guerrero, 1989), babaylan, beata, madre at kababaihan (Veneracion, 1992), kababaihan, katawan at katauhan sa tekstong historikal noong ikalabinsiyam na siglo (Gealogo, 1994), kababaihan sa himagsikang Pilipino at digmaang Pilipino-Amerikano (Cruz, 1989; Rodriguez, 1999), dalawang mukha ng pakikibaka ng kababaihan sa kolonyal na paghahari ng Estados Unidos (Taguiwalo, 1997), kabayanihan ng kababaihan sa Kolorum at Sakdal (Navarro, 1998) at ugnayan ng babae, bayan at kabayanihan (Abrera, 1995).

## Feminismo/Feministang Pilipino

Ang salungatan, tunggalian at ugnayang pangkasarian ang pangunahing pinaksa at patuloy na pinapaksa ng kilusang feminista sa Pilipinas. Gayunman, kung minsan, hindi malinaw na makikita ito sa mga akdang ibinabandera ang feminismo. Maihahalimbawa rito ang *Working Women of Manila in the 19th Century* (Camagay, 1996). Sa akdang ito, sa gitna ng mahalagang pagwasak ng imaheng *Urbana at Felisa* o *Maria Clara* sa pamamagitan ng pagtatampok sa kababaihang manggagawang *cigarreras, vendadoras, tenderas, bordadoras, costureras, criadas, maestras, matronas titulares,* at *mujeres publicas* noong ikalabinsiyam na siglo, hindi naman naitaguyod ang pagsusuri sa salungatan, tunggalian at ugnayang pangkasarian bunga ng kahinaan nito na maipook at maisakonteksto ang kalagayan at katayuan ng kababaihan sa masalimuot na istrukturang pangkapangyarihan, pangkabuhayan, pangkalipunan, pangkalinangan at pangkaisipan. Malaki ang maaaring maiusad ng mga akdang tulad nito kung pahahalagahan ang naging dulog at lapit ng pag-aaral ni Quindoza-Santiago. Sa halip na matali sa pagtatanghal sa kababaihan ng hiwalay sa konteksto, binigyang-diin sa akda ang kaugnayan ng kababaihan sa kanyang kaligiran, lipunan at kasaysayan—katangiang mahalaga sa isang *feminismong Pilipino.*

Hindi rin natali ang pag-aaral ni Quindoza-Santiago sa feminismong banyaga na nagpapanggap bilang "feminismong unibersal." Hindi tulad ng akdang naghahanap ng "nawawalang kababaihan sa kasaysayang Pilipino" sa harap naman ng pagpaksa sa mga halimbawa ng kababaihang Europeo (Peczon-Fernandez, 1989), pumaloob ang akda ni Quindoza-Santiago sa talastasan ng kalinangan at kasaysayang Pilipino upang maugat ang kasaysayan ng kilusang kababaihan at kilusang feminista sa Pilipinas. Binigyang-diin sa akda na "walang feminismong panlahatan." Sa una at

ikalawang kabanata pa rin, tiningnan bilang batayan ang karanasan ng Pilipinong babae na sinasabi niyang "tumutukoy sa kayarian ng isang babae bilang tao kaugnay ng pisikal, seksuwal, bayolohikal at sikolohikal na katangian;" pagkababae na "konsepto ng kasarian o gender;" at kababaihan na "tumutukoy sa mga babae sa kanilang kalahatan" o "kabuuan bilang isang sektor ng lipunan." Sa pagdulog na ito, pinatotohanan ng pag-aaral na maaaring angkinin, ngunit hindi angkatin, ang feminismo sa konteksto ng kalinangan at kasaysayang Pilipino.

Ang panunuring feminista sa akda ni Quindoza-Santiago ay pinakamatalas sa ikatlong kabanata. Tinunton niya rito ang "ilang aspeto ng diskursong patriarkal sa wika at panitikang bayan," lalo na yaong "iniluwal" ng kolonyalismong Español. Sa pagsusuri sa kasarian at wika sa Pilipinas at idealisasyon ng babae at pagkababae sa panitikang-bayan mula sa mga epikong Pilipino hanggang sa kritisismo ni Virgilio Almario, inilarawan ang ilang indikasyon ng kamalayang kumikiling o makaisang-panig sa Pilipinong lalaking pagtingin, pananaw at paniniwala.

Bilang pagwasak sa ganitong pagkiling sa Pilipinong lalaking pagtingin, pananaw at paniniwala, iginiit at itinampok naman sa huling kabanata ng unang bahagi ang kabuluhan at kahalagahan ng panunuring malay sa kasarian. Sa panunuring malay sa kasarian, isinasaalang-alang ang "pagsasalabat ng ilang larangan ng kaalaman" na kaugnay ng kaligiran, lipunan at kasaysayan na hindi rin maihihiwalay sa kondisyong pangkabuhayan, lalo't higit sa pangkalahatang produksyon. Sinasabing kailangang isaalang-alang ang ugnayang panlipunan at ugnayang pangkasarian sa kasaysayan.

Sa paglalapat ng panunuring malay sa kasarian sa panulaang Pilipino, tatlong batis ang sinasabing nagsisilbing daluyan nito. Ang tatlong mahahalagang batis na ito na pawang nagsasaalang-alang sa ugnayang panlipunan at pangkasarian ay: "ang kilusang kababaihan at/o kilusang feminista sa Pilipinas; kilusang feminista sa panitikan at kritisismong feminista sa panitikan."

## Kababaihan at panulaang Pilipino

Ang pag-unlad ng panulaan ng kababaihan sa tatlong panahon at tatlong wika—Iloko, Tagalog at Ingles, ayon sa pag-unlad ng tula ng mga

makatang babae sa konteksto ng kilusang kababaihan sa Pilipinas, ay ipinakita sa pagsusuri ng panulaan sa ikaapat na kabanata ng unang bahagi at sa komprehensibong antolohiya, ang ikalawang bahagi. Pansamantalang isinalaysay ang panulaan ng kababaihan ayon sa tatlong mahahalagang yugto. Una, 1889-1937, ang panahon ng "pagkamulat at pagbangon." Ikalawa, 1937-1970, ang panahon ng mga "kilusang panlipunang inaniban ng kababaihan kung saan dito'y nasikil sa limitadong paraan ang kilusang feminista dahil ipinailalim ito sa higit na malalawak na adhikaing pambansa." Ikatlo, 1970-Kasalukuyan, ang panahon ng "bagong Pilipina" bunga ng mga pangyayari sa kilusang kababaihan mula sa panahon ng sigwa—ang panahon ng makabayang pagkilos "kung kailan ibinandila ang sabay na simulain ng pagpapalaya ng kababaihan at pagpapalaya ng bayan." Sa pagsasakasaysayan ng panulaan ng kababaihan, mabisang napag-ugnay-ugnay ng pag-aaral ni Quindoza-Santiago ang pagdaloy at pag-unlad ng kilusang kababaihan at panulaan ng kababaihan sa Pilipinas. Marahil ang tanging naging kahinaan ng pagsasakasaysayan ay ang hindi pagsasaalang-alang sa iba pang makatang babae na lumikha ng mga tula maliban sa wikang Tagalog, Iloko, at Ingles. Bukod pa rito, kung tatanggapin ito bilang hangganan at limitasyon ng akda na "ibinubukas sa iba pang mananaliksik," mahalaga ring ibukas sa iba pang manunuri ang pag-uugnay ng panulaan sa tatlo o higit pang wika ng Pilipinas na malawakang magpapalitaw sa mga hidwaan, salungatan at tunggaliang pang-uri at panlipi sa Pilipinas. Bagamat pahapyaw na naipakita ang salungatan at tunggaliang pang-uri sa pagitan ng panulaang Tagalog at Ingles o Iloko at Ingles, hindi naman nasiyasat ang maaaring salungatan at tunggaliang panlipi sa pagitan ng panulaang Tagalog at Iloko. Gayumpaman, hindi man naisaalang-alang ang ilang nabanggit, hindi na matatawaran ang pinakamalaking ambag ng akda—ang mabisang pagwasak nito sa pagkiling sa Pilipinong lalaking pagtingin, pananaw at paniniwala sa pamamagitan ng pagbabalangkas ng panunuring malay sa kasarian na nagtatampok sa tinig ng kababaihang Pilipino. Sa pamamagitan ng panunuring malay sa kasarian, naipahayag ang kasaysayan ng kababaihan sa panulaan—mula mismo sa *tinig* ng babae, pagkababae at kababaihan at hindi sang-ayon sa pagtingin, pananaw at paniniwala ng mga banyagang bumisita o makapangyarihang opisyal Español sa Pilipinas, na karamiha'y kalalakihan, na mababanaag halimbawa sa mga batayang sanggunian ng akdang tulad ng *Working Women of Manila in the 19th Century* (Camagay, 1996).

Ang pagsasatinig sa kababaihan sa panulaan na itinampok sa antolohiya ng mga piling tula ay pinangkat sa tatlo: mga makatang Tagalog; mga makatang Iloko at mga makata sa Ingles. Matatalunton sa kasaysayan

at panulaan ang kasaysayan ng babae, pagkababae at kababaihan sa bisa ng limamput-tatlong tulang Tagalog mula "Tula ni Oriang" ni Gregoria de Jesus hanggang "Medusa" ni Benilda Santos, kabilang na ang "Sa Ngalan ng Ina, ng Anak, ng Diwata't Paraluman" ni Lilia Quindoza-Santiago; labinsiyam na tulang Iloko mula "Namnama a Nakeltay" ni Leona Florentino hanggang "Babae, Lumaban Ka!" ni Mercedes Magno; at tatlumpong tulang Ingles mula "Revolt from Hymen" ni Angela Manalang Gloria hanggang "Woman from the North" ni Ma. Luisa Aguilar-Cariño. Sa mga tulang ito, ganap na pinalitaw ang pagkakahugpong at pagkakaugnay ng kababaihan, kasaysayan at panulaang Pilipino.

Sa kabuuan, higit pa sa pagiging mapanghawang-landas ng pag-aaral na ito sa kasaysayan, feminismo at panulaang Pilipino, isinatinig din nito sa pamamagitan ng *Asintadang kasintahan ng kasaysayan* (Quindoza-Santiago, 1997) ang *magkakaiba* ngunit *magkakaugnay* na paglikha ng babae, pagkababae at kababaihan sa sariling katauhan, kasaysayan at panulaan *Sa Ngalan ng Ina.*

## Sanggunian


Abrera, M. B. (1995). Ang babae, bayan at kabayanihan. *Diliman Review, XLIII* (3-4), 3-7.

Camagay, M. L. (1995). *Working women of Manila in the 19th century.* Lunsod Quezon: UCWS at University of the Philippines Press.

Cruz, R. (1989). Ang Pilipina sa panahon ng himagsikan at digmaang Pilipino-Amerikano. *Women's role in Philippine history: Papers and proceedings of the conference held on 8-9 March 1989.* Lunsod Quezon: UCWS. Inilathala muli sa *Women's role in Philippine history: Selected essays.* Lunsod Quezon: UCWS at University of the Philippines Press, mp. 73-78, 1996.

Gealogo, F. (1994). "Ang kapangyarihan ng ikaanim na utos ng Diyos: Ang katawan at katauhan sa diskurso ng mga tekstong historikal noong ika-19 na dantaon. *Diliman Review, XLII* (4), 14-22.

Guerrero, M. (1989). Ang kababaihan sa ika-labimpitong siglo. *Women's role in Philippine history: Papers and proceedings of the conference held on 8-9 March 1989,* Lunsod Quezon: UCWS.

Hilario-Soriano, R. (Ed.) (1995). *Women in the Philippine revolution.* Lunsod Quezon: Printon Press.

Mangahas, F. (1991). Ang kababaihan sa kasaysayang Pilipino. *Diliman Review, XXXIX* (3), 18-23.

Navarro, A. (1998). Kabayanihan ng kababaihan sa kolorum at sakdal. *Philippine Social Sciences Review, Special Issue,* 97-112.

Peczon-Fernandez, A. (1989). Why women are invisible in history. *Women's role in Philippine history: Papers and proceedings of the conference held on 8-9 March 1989.* Lunsod Quezon: UCWS. Inilathala muli sa *Women's role in Philippine history: Selected essays.* Lunsod Quezon: UCWS at University of the Philippines Press, 1996, mp. 1-21.

Quindoza-Santiago, L. (1997). *Asintada: Mga tula.* Lunsod Quezon: University of the Philippines Press.

Rodriguez, M. J. (1999). *Ang kababaihan sa himagsikang Pilipino. Bagong Kasaysayan, 7.*

Salazar, Z. (1989). Ang babaylan sa kasaysayan ng Pilipinas. *Women's role in Philippine history: Papers and proceedings of the conference held on 8-9 March 1989.* Lunsod Quezon: UCWS. Inilathala muli sa *Women's role in Philippine history: Selected essays.* Lunsod Quezon: UCWS at University of the Philippines Press, 1996, mp. 52-72 at *Ang babaylan sa kasaysayan ng Pilipinas, Bagong Kasaysayan,* 4 (1999).

Taguiwalo, J. (1997). Dalawang mukha ng pakikibaka ng kababaihan sa panahon ng kolonyal na paghahari ng Estados Unidos sa Pilipinas. *Diliman Review, XLV* (2-3), 30-38.

Veneracion, J. (1992). *Paglalakbay sa iba't ibang dekada (Augustinian Sisters of Our Lady of Consolation).* Lunsod Quezon: JBV at Augustinian Sisters of Our Lady of Consolation.

---

Mr. Arthur M. Navarro is an Instructor at the Department of History, University of the Philippines Diliman. He is currently taking graduate studies in history.